University of Bohol Advancing Filipino Research Journal Volume 1 • April 2024
DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.201

# Pagtatasa sa Paggamit ng KonteksFil sa Pagtuturo ng Filipino 11 ng Marigondon National High School, Lapu-lapu city, Cebu

**LILIBETH A. LAPATHA[1], JORGE CUAJAO[2]**
[1]Graduate School, University of Bohol, Philippines
[2]Marigondon Senior High School, Marigondon Lapu-Lapu City, Cebu,

***Corresponding Author: lilibeth.lapatha@deped.gov.ph***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: October 2, 2023
Revised: December 11, 2023
Accepted: January 30, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— konteksfil, explanatory sequential mixed methd, antas ng pagganap, Cochran method sampling, narrative content analysis, moving towards master, paired samples test, quasi-experimental method

Ang pag-aaral ay naglalayon na tayahin ang pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng pamamaraang KonteksFil. Ginamit ang Explanatory Sequential mixed method, kung saan ang Quasi-experimental method ay ginamit para sa kwantitatibong pagsusuri at ang Narrative Content Analysis para sa kwalitatibong pagsusuri. Sa pamamagitan ng Cochran Method Sampling, napili ang isang daan at animnapung (160) respondenteng mula sa TVL. Umangat ang antas ng pagganap ng parehong pangkat - ang eksperimental at kontrol - mula sa “Average” (pre-test) patungo sa “Moving Towards Mastery” (post-test). Gayunpaman, mas mataas ang mean score (43.43) ng pangkat eksperimental kumpara sa mean score (34.89) ng pangkat kontrol sa post-test. Ang “Sig. (2-tailed)” mula sa Paired Samples Test ay .000, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng pre-test at post-test ng dalawang pangkat. Sa kabuuan, pinapalakas ng pamamaraang KonteksFil ang pagganap

© L. A. Lapatha and J. Cuajao (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

ng mga mag-aaral, na nagdudulot ng mas malaking pagpapabuti kumpara sa mga tradisyunal na pamamaraan. Inirerekomenda ang patuloy na pagpapabuti sa implementasyon ng KonteksFil sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga guro, pag-aayos ng kurikulum, at suporta mula sa pamunuan ng paaralan at pamayanan.

## INTRODUKSYON

Ang pag-aaral ng Filipino sa Senior High School ay nagbibigay-diin sa pagpapaunlad ng komunikasyon, kasanayan sa pagsasalita, pagbasa, pagsusulat, at pag-unawa sa wika. Mahalaga ito hindi lamang para sa personal na pag-unlad ng mag-aaral kundi pati na rin para sa kanilang paghahanda sa hinaharap, lalo na sa kanilang pagiging produktibong bahagi ng lipunan. Ipinapakita nito ang pagpapahalaga sa pambansang identidad, kultura, at wika ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng asignaturang ito, nagiging daan ang pagpapalalim ng kaalaman at pag-unawa sa sariling kultura, kasaysayan, panitikan, at iba pang aspeto ng lipunang Pilipino. Ngunit, mayroong mga suliranin ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa Senior High School sa kanilang pag-aaral ng asignaturang Filipino. Kabilang sa mga hamon na ito ay ang kakulangan sa pangunahing kasanayan sa wika, kawalan ng interes, kakulangan sa praktikal na paggamit ng wika sa pang-araw-araw na buhay, at iba pa.

Batay sa resulta ng Bureau of Education Assessment (BEA), DepEd Central Office 2023, ang paaralan ay nakakuha ng mababang mean score na 42.89 sa asignaturang Filipino. Ang nakuhang mean score ay may tala na "below the mean score," na nagpapahiwatig ng kritikal na problema sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura. Ang pagbaba ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa NAT ay naging hamon ng mananaliksik kung papaano maiaangat ang mga marka ng mga mag-aaral sa susunod na pagsusulit.

Maraming lumabas na pag-aaral tungkol sa mga pamamaraan sa pagtuturo na makatutulong sa pag-angat ng antas ng performans ng mga mag-aaral.

Ayon naman ni Dizon et.al (2021) ang isang malalim na pag-aaral hinggil sa kalidad ng edukasyon sa mga paaralang pampubliko. Natuklasan niya na ang mababang mga marka sa asignaturang wika ay patuloy na isang problema sa maraming paaralan, na nagreresulta sa kawalan ng kakayahan ng mga mag-aaral na makibahagi nang epektibo sa global na ekonomiya. Ayon sa kanyang pananaliksik, ang mga hakbang tungo sa pagpapalakas ng mga modernong pamamaraan ng pagtuturo sa wika ay maaaring maging sagot sa nasabing suliranin. Ayon din ni Rohayati (2013). ang isang pag-aaral hinggil sa epekto ng kontekstuwalisadong pagtuturo sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa asignaturang wika. Sa kanyang pananaliksik, ipinakita niya na ang mga mag-aaral na lantad sa kontekstuwalisadong pag-aaral ay mas nagpapakita ng pag-unawa at motibasyon sa pag-aaral kumpara sa mga nakaranas ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo.

Isa rin sa mga puwang na naitala sa pananaliksik ang katotohanan na karamihan sa mga bagong guro ay patuloy na gumagamit ng mga tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo. Natuklasan sa pagsusuri nina Arshad (2017) na bagaman may kaalaman ang karamihan sa mga bagong guro sa mga modernong pamamaraan sa pagtuturo, mas pinipili pa rin ng marami ang mga tradisyunal na paraan. Ipinaliwanag ng pag-aaral na ito ang patuloy na paggamit ng mga tradisyunal na pamamaraan sa kabila ng mga pagbabago at pag-unlad sa larangan ng edukasyon. Dagdag pa nina Ocbian at Pura (2015), ang pinakakaraniwang ginagamit na paraan ng tradisyunal na pagtuturo ay ang lecturing, kung saan nagbibigay ang guro ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasalita sa harap ng klase. Nabanggit sa pag-aaral ni Smith (2020) na ang lecturing ay hindi na epektibo sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon. Ipinaliwanag ng kanyang mga resulta na mas mabisa ang mga modernong pamamaraan ng pagtuturo na naglalaman ng masusing pakikipag-ugnayan, partisipasyon, at aktibong pagpapahayag ng mga mag-aaral.

Nabanggit sa pag-aaral na umaasa lamang ang mga guro sa opisyal na mga kagamitang pampagtuturo na ibinibigay ng Kagawaran ng Edukasyon, kahit na hindi gaanong kontekstuwalisado. Ang mga aralin na hindi naka-kontekstuwalisado o walang kaugnayan sa tunay na karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng mga limitasyon sa pag-unawa at motibasyon ng mga mag-aaral. Maaaring maging mahirap para sa mga ito na makakuha ng kahulugan at kaugnayan sa kanilang aralin.

Ang mga nabanggit na mga suliranin ay makikita at matutunghayan sa aktwal na sitwasyon sa silid-aralan. Marami sa mga estudyante ang pumapasok sa Senior High School na may matinding mga gaps sa mga konsepto at kasanayan sa asignaturang Filipino na nagreresulta sa kahirapan sa pagharap sa mga kompetensi na itinalaga ng Kagawaran ng Edukasyon. Bagama't naging bahagi ng kanilang kurikulum sa hayskul ang mga kasanayang iyon, ngunit hindi ito naging awtentikong pagkatuto ng karamihan sa mga mag-aaral. Kung hindi matatamo ng mga mag-aaral ang pinakapangunahing mga konsepto ng Filipino, magkakaroon ito ng domino na epekto sa mga huling taon. Dahil sa umiiral na kondisyong ito, nagsagawa ang mananaliksik ng isang pagtugon sa problema sa Baitang 11.

Matapos basahin ang ilang artikulo at pag-aaral, nakaisip ang mananaliksik na bumuo ng mas mahusay na suporta at gabay sa mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang pagganap sa asignaturang ito at sa mga guro upang palakasin ang kanilang mga pamamaraan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga kontekstuwalisadong aralin. Sa ganitong paraan, mas maraming mag-aaral ang maaaring mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, tatalakayin ang mga sumusunod na mga suliranin upang masuri ang epekto ng "KonteksFil" bilang pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga mag-aaral ng Marigondon Senior High School. Una, masuri ang antas ng pagganap ng pangkat kontrol

at pangkat eksperimental sa pretest at posttest. Pangalawa, matuhayan kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 batay sa mga nasabing pagsusulit. Bukod dito, mabatid din kung paano makatulong ang KonteksFil sa masusing pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang panghuli ay makapagbigay ng rekomendasyon hinggil sa mga kagamitang pampagtuturo na maaaring maging epektibo batay sa mga natuklasan ng pananaliksik.

Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon at kultura sa Pilipinas. Upang mas mapalaganap ang kaalaman at pag-unawa sa asignaturang Filipino, maraming mga pamamaraan ang nailabas upang mapalakas ang kakayahan sa pagtuturo. Sa kapanahunan ngayon, ang Kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ay lumilitaw bilang isang makabago at mapanlikhang pamamaraan sa pagtuturo sa mga asignatura. Ipinapakita ng kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral mula sa mga sangguniang inilimbag sa bansa at sa ibang bansa.

Ayon nina Gutierrez at Pascual (2022) ukol sa epekto ng kontekstwalisasyon sa pagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong paaralan ay naglalayong suriin ang potensyal ng kontekstwalisasyon sa pagpapalakas ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ginamit ang eksperimental na disenyo ng pananaliksik upang masuri ang epekto ng kontekstwalisasyon sa pag-aaral, at isinagawa ito sa ilang mga pampublikong paaralan sa Metro Manila, kasama ang mga mag-aaral mula sa ikaapat na baitang. Ang bilang ng mga respondente ay umabot sa 200. Sa pag-aaral, natuklasan na may positibong epekto ang kontekstwalisasyon sa pagtuturo ng Filipino. Mas napatibay ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wika at kultura ng Filipino sa pamamagitan ng kontekstwalisadong pag-aaral. Bukod dito, naitala rin ang pagtaas ng antas ng partisipasyon at interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng kontekstwalisasyon sa pagtuturo ng Filipino at maaaring magbigay ng mga patnubay sa mga guro at tagapagturo sa pagpaplano at implementasyon ng kanilang mga aralin.

Sa pagsusuri ni Narag (2014) sa kanyang kwalitatibong pananaliksik tungkol sa epekto ng kontekstwalisasyon sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kultura ng Filipino. Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga pampublikong paaralan sa lalawigan, kung saan kasama ang 50 guro at 100 mag-aaral bilang mga respondent. Layunin ng pananaliksik na suriin kung paano nakakatulong ang kontekstwalisasyon sa pagpapalalim ng kultura ng Filipino sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral, lumitaw na mas napalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kultura ng Filipino sa pamamagitan ng kontekstwalisadong pag-aaral. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng kontekstwalisasyon sa pagtuturo, hindi lamang sa pag-unawa ng wika, kundi pati na rin sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapahalaga sa kultura ng bansa. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng positibong impluwensiya sa edukasyon at pagpapaunlad ng identidad ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng Explanatory Sequential Mixed-Methods Design. Ayon kay Creswell (2012), ang pamamaraang ito ay naglalayong pag-aralan ang isang phenomenon sa pamamagitan ng dalawang yugto: kwantitatibo at kwalitatibo. Sa unang yugto, ginamit ang quasi-experimental method upang sukatin ang mga epekto ng KontekstFil sa kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga resulta ng mga grupong exposed at non-exposed sa bagong pamamaraan ay inihambing.

Sa pangalawang yugto, ginamit ang Narrative Content Analysis upang mas maunawaan ang mga resulta ng eksperimento. Ang mga respondente ay 160 mag-aaral mula sa ikalabing isang baitang ng Marigondon Senior High School para sa Taong Panuruan 2023-2024, na pinili gamit ang Cochran sampling method. Upang masukat ang antas ng performans, ginamit ang pre-test at post-test na binuo ng mananaliksik, na naglalaman ng 50 aytem batay sa mga kakayahan ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang pagsusulit ay dumaan sa content validation at reliability test bago ito ipinagamit. Para sa propayl ng mga mag-aaral, ginamit ang Descriptive Statistics at mean percentage score distribution para ilarawan ang performans ng kontrol at eksperimental na grupo batay sa pre-test at post-test. Gumamit din ng "Mean Percentage Score Bracket" mula sa DepEd upang bigyang-interpretasyon ang mga scores ng mga respondente.

***Interpretasyon ng MPS***

| **DepEd Interpretation of MPS** | |
|---|---|
| 48-50 | Mastered |
| 44-47 | Closely Approximating Mastery |
| 34-43 | Moving Towards Mastery |
| 18-33 | Average |
| 9-17 | Low |
| 3-8 | Very Low |
| 0-2 | No Mastey |

Ginamit ang Paired Samples Test upang suriin ang pagkakaiba sa pre-test at post-test ng pangkat eksperimental at kontrol. Ang Thematic Analysis naman ay ginamit upang masuri ang karanasan at opinyon ng mga guro at mag-aaral sa KontekstFil. Upang matiyak ang kaligtasan ng mga respondente, sumailalim ang pananaliksik sa pagsusuri ng etika mula sa ethics review committee ng Unibersidad ng Bohol. Nakakuha ng permit sa pag-aaral matapos ang pagsusuri. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga respondente sa pamamagitan ng oryentasyon para humingi ng pahintulot at ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral. Pagkatapos makuha ang datos mula sa

pre-test at post-test, ito ay iniinterpret at inaanalisa gamit ang SPSS. Ang mga datos ay naka-imbak sa Google Drive, na tanging ang mga mananaliksik lamang ang may akses. Sinunod ng mananaliksik ang prinsipyo ng pribado at kumpidensyalidad, tinitiyak na ang mga nakalap na datos ay ginagamit lamang para sa mga layunin ng pananaliksik at sumusunod sa mga etikal na pamantayan.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### Propayl ng mga Mag-aaral sa Tuntunin ng Edad

Ang Bahaging ito 1 ay nagpapakita ng propayl ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad. Mayroong tatlong kategorya ng edad: 16-17 taong gulang, 18-19 taong gulang, at 20-21 taong gulang. Ang unang kolum ay nagpapakita ng mga edad na kategorya, ang ikalawang kolum ay nagpapakita ng dami ng mga mag-aaral sa bawat kategorya, at ang ikatlong kolum ay nagpapakita ng porsyento ng mga mag-aaral sa bawat kategorya.

Sa kategoryang 16-17 taong gulang, mayroong 117 na mga mag-aaral, na nagpapataas sa 73.1% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Sa kategoryang 18-19 taong gulang, mayroong 37 na mga mag-aaral, na kumakatawan sa 23.1% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Sa kategoryang 20-21 taong gulang, mayroong 6 na mga mag-aaral, na nagpapakita lamang ng 3.8% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, mayroong 160 na mga mag-aaral na kasali sa pag-aaral, na nagpapakita ng 100% ng kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa teknikal vocational-livelihood (TVL) mula sa ikalabing-isang baitang ng Marigondon Senior High School para sa taong panuruan 2023-2024. Ang bahaging ito ito ay may mahalagang implikasyon sa pag-unawa sa demograpiko ng mga mag-aaral na kasali sa pag-aaral. Ipinapakita nito kung paano nahahati ang populasyon ng mga mag-aaral sa iba't ibang kategorya ng edad. Sa pagiging malaki ng bilang ng mga mag-aaral sa kategoryang 16-17 taong gulang at sa pagiging kaunti ng bilang sa kategoryang 20-21 taong gulang, maaaring makabuo ng mga polisiya at programa ang paaralan na nakatuon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa bawat edad (Colorado at Eberle 2012).

### Propayl ng mga Mag-Aaral sa Tuntunin ng Kasarian

Sa Bahaging ito 2, ipinapakita ang proporsyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian. Mayroong dalawang kategorya ng kasarian: Lalaki at Babae. Ang unang kolum ay nagpapakita ng mga kategorya ng kasarian, ang ikalawang kolum ay nagpapakita ng dami ng mga mag-aaral sa bawat kategorya, at ang ikatlong kolum ay nagpapakita ng porsyento ng mga mag-aaral sa bawat kategorya.

Sa kategoryang Lalaki, mayroong 64 na mga mag-aaral, na kumakatawan sa 40.0% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Sa kategoryang Babae, mayroong 96 na mga mag-aaral, na nagpapakita ng 60.0% ng kabuuang bilang

ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, mayroong 160 na mga mag-aaral na kasali sa pag-aaral, na nagpapakita ng 100% ng kabuuang populasyon ng mga mag-aaral mula sa teknikal vocational-livelihood (TVL) sa ikalabing-isang baitang ng Marigondon Senior High School para sa taon ng pag-aaral 2023-2024.

Ang Bahaging ito 2, na nagpapakita ng proporsyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian, ay may mga malalim na implikasyon sa pagpaplano at implementasyon ng mga edukasyonal na programa. Ipinapakita nito ang gender distribution sa isang partikular na pag-aaral, na maaaring magbunsod ng mga hakbang sa pagtutok sa mga pangangailangan at interes ng bawat kasarian. Isang pag-aaral ni Wang at Degol (2017) ay nagpapakita na ang gender imbalance sa mga larangan ng pag-aaral ay maaaring magdulot ng mga isyu sa pagpapakita ng interes sa partikular na asignatura o larangan. Samakatuwid, ang pag-unawa sa gender demographics ng isang klase ay maaaring magbigay ng mga patakaran sa pagtuturo na tumutugon sa mga pangangailangan at pagkakaiba ng bawat kasarian sa pag-aaral.

**Propayl ng mga Mag-Aaral sa Tuntunin ng Antas at Istrand**

Sa Bahaging ito 3, ipinapakita ang proporsyon ng mga mag-aaral ayon sa kanilang seksyon, na nahahati sa dalawang kategorya: TVL-1 at TVL-2. Ang unang kolum ay nagpapakita ng mga seksyon, ang ikalawang kolum ay nagpapakita ng dami ng mga mag-aaral sa bawat seksyon, at ang ikatlong kolum ay nagpapakita ng porsyento ng mga mag-aaral sa bawat seksyon.

Sa kategoryang TVL-1, mayroong 80 na mga mag-aaral, na kumakatawan sa 50.0% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Gayundin sa kategoryang TVL-2, mayroon ding 80 na mga mag-aaral, na nagpapakita rin ng 50.0% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang Bahaging ito 3 ay nagpapakita na ang 160 na mga mag-aaral ay hati nang pantay sa pagitan ng dalawang seksyon, na tumutukoy sa TVL-1 at TVL-2, na parehong bahagi ng kurikulum sa teknikal vocational-livelihood (TVL) sa ikalabing-isang baitang ng Marigondon Senior High School. Salig sa pag-aaral ni Lee at Schallert (2016), ang ganitong pantay na distribusyon ng mga mag-aaral ay maaaring magkaroon ng positibong epekto sa kanilang pagkatuto at pag-unlad. Sa kanyang pananaliksik, ipinakita niya na ang mga mag-aaral na nakararanas ng mas malawak na interaksyon at pagsasalitan ng ideya sa kanilang mga kapwa mag-aaral ay mas nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa at motibasyon sa pag-aaral.

**Antas ng Performans ng Pangkat Eksperimental sa Pretest at Post-test**

Batay sa datos sa Bahaging ito 4, ang mga iskor sa pretest ng pangkat eksperimental na mula 18 hanggang 33 ay nakakuha ng pinakamataas na frekwensi na 51 o 63.75% ng kabuuang total ng mga respondente, na may "mean score" na 29.35 at nabibilang sa lebel na "Average." Sa kabilang banda, ang mga iskor sa post-test ng pangkat eksperimental mula 34 hanggang 43 ay

nakakuha ng pinakamataas na frekwensi na 43 o 53.75%, na may "mean score" na 43.43 at nabibilang sa lebel na "Moving Towards Mastery." Batay rin sa resulta, karamihan ng mga mag-aaral ay nakakamit ang lebel ng pagganap na "average" sa pretest habang sa post-test, ang karamihan ay umangat patungo sa lebel ng "Moving Towards Mastery." Ito ay nagpapahiwatig ng pagtaas ng marka mula sa simula hanggang sa katapusan ng eksperimento sa pangkat eksperimental.

Nakita na ang mga kalahok na may mga iskor sa pretest mula 18 hanggang 33 ay nakakuha ng pinakamataas na frekwensi, na sumasagisag sa 63.75% ng kabuuang total ng mga respondente. Ang "mean score" ng pangkat na ito ay 29.35, na nagpapakita ng kahusayan sa lebel ng "Average." Sa kabilang banda, ang pangkat ng mga kalahok na may mga iskor sa post-test mula 34 hanggang 43 ay nakakuha rin ng mataas na frekwensi, na 53.75% ng kabuuang total ng mga respondente. Ang "mean score" ng pangkat na ito ay 43.43, na tumutukoy sa pag-unlad patungo sa lebel ng "Moving Towards Mastery." Ang mga resultang ito ay kaugnay sa mga naunang pag-aaral, tulad ng ginawa ni Rivet at Krajcik (2008), na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang mga kakayahan. Sa kabuuan, ang pagtaas ng marka mula sa pretest hanggang post-test ay nagpapahiwatig ng kahalagahan at epektibong implementasyon ng interbensyon sa pangkat eksperimental, na nagdudulot ng positibong pagbabago sa kanilang pagganap at kakayahan.

**Antas ng Performans ng Pangkat Kontrol sa Pretest at Post-test**

Batay sa datos na nasa talahayan 5, ang mga iskor sa pretest ng pangkat kontrol mula 18 hanggang 33 ay nakakuha ng pinakamataas na frekwensi na 37 o 46.25% ng kabuuang total ng mga respondente, na may "mean score" na 28.91 at nabibilang sa lebel na "Average." Sa kabilang dako, ang mga iskor sa post-test ng pangkat kontrol mula 18 hanggang 13 ay nakakuha ng pinakamataas na frekwensi na 43 o 53.75%, na may "mean score" na 34.89 at nabibilang sa lebel na "Moving Towards Mastery." Sa pangkat kontrol, ang tuntunin ay halos pareho sa pangkat eksperimental, ngunit sa mas mababang antas. Ang karamihan ng mga mag-aaral ay nasa lebel ng "Average" sa parehong pre-test at post-test. Bagaman mayroong ilang pagtaas sa bilang ng mga mag-aaral na umangat sa lebel ng "Moving Towards Mastery" sa post-test kumpara sa pre-test. Bagaman may pag-angat din sa marka ang pangkat kontrol, hindi ito kasing taas ng pag-angat na mga marka na nasuri sa pangkat eksperimental.

Sa kabuuan, ang pagtaas ng "mean score" sa dalawang pangkat ay nagpapakita ng mga pagbabago sa antas ng performans. Subalit, mas mataas ang pagtaas ng "mean score" sa pangkat eksperimental kumpara sa pangkat kontrol, na nagpapahiwatig na mas epektibo ang eksperimental na tritment sa pagpapabuti ng performans ng mga mag-aaral.

Naaayon ang resulta mula sa pag-aaral ni Gokkurt et. al (2012) tungkol sa epekto ng isang bagong kurikulum sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbasa

at pagsusulat. Sa pag-aaral ni Gokkurt at ng kanyang mga kasamahan, napag-alaman na ang paggamit ng bagong kurikulum ay nagdulot ng positibong epekto sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusulat. Kapareho sa pag-aaral na ito, napansin din sa pag-aaral ni Gokkurt ang pagtaas ng mga iskor ng mga respondente sa eksperimental na pangkat mula sa pre-test hanggang post-test. Sa pangkat kontrol naman, nananatili pa rin ang antas ng mga iskor ng mga respondente sa lebel na "average" mula sa pre-test hanggang post-test, bagaman mayroong pagtaas sa "mean score".

Ang pagkakaugnay ng resulta ng dalawang pag-aaral ay nagpapahiwatig ng pagiging konsistent ng epekto ng mga pagbabago sa kurikulum o eksperimental tritment sa pagpapabuti ng mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapatibay sa konklusyon na ang mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo sa edukasyon ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng mga kasanayan ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Pagsusuri sa Pagkakaiba ng Antas ng Performans ng Pangkat Experimental at Kontrol**

Ipinapakita ng Bahaging ito 6 ang resulta ng "Paired Samples Test" para sa dalawang pares ng sample: *Pair 1* para sa Pangkat Experimental at *Pair 2* para sa Pangkat Kontrol. Para sa *Pair 1* (Pangkat Experimental), mayroong "Paired Differences" na may mean na -14.075 sa pagitan ng pre-test at post-test, at mayroong "t-value" na -16.805. Ang "Sig. (2-tailed)" na .000 ay nagpapakita ng "Statistically Significant" na pagbabago sa mga marka mula sa pre-test hanggang post-test sa Pangkat Experimental. Para sa *Pair 2* (Pangkat Kontrol), mayroong "Paired Differences" na may mean na -5.975 at mayroong "t-value" na -9.421. Ang "Sig. (2-tailed)" na .000 ay nagpapakita rin ng "Statistically Significant" na pagbabago sa mga marka mula sa pre-test hanggang post-test sa Pangkat Kontrol. Kaya't ito ay nagpapahiwatig na ang "Null Hypothesis" ng dalawang pangkat ay may desisyong "rejected". Batay naman sa resulta ang pangkat eksperimental, ay nakakuha ng mas mataas na t-value kaysa sa pangkat control. Ito ay nagpapahiwatig na mas maraming mga mag-aaral ang nakakuha ng mataas na iskor sa paggamit ng KonteksFil na pamamaraan kumpara sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na mas epektibo ang KonteksFil na pamamaraan sa pagtuturo kaysa sa tradisyunal na paraan. Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa pag-aaral nina Picardal at Sanchez (2022) lumabas sa kanilang pagsusuri na mas mataas ang antas ng pag-unawa at pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga konsepto sa agham sa grupong eksperimental kumpara sa kontrol. Ipinapakita nito ang potensyal ng kontekstwalisadong pag-aaral sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagtanggap ng mga mag-aaral sa agham. Gayundin sa pag-aaral ni Huijgen et. al (2018) natuklasan na mga mananaliksik na mas mataas ang mga marka sa pagsusulit ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo kumpara sa kontrol. Ipinapakita nito ang epekto ng kontekstwalisadong pag-aaral sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-

aaral sa kasaysayan. Pinagtibay rin a pag-aaral ni Perin (2011) na mas malalim ang pag-unawa at mas mataas ang pagtanggap sa mga konsepto ng ekonomiks sa mga mag-aaral sa eksperimental na grupo kumpara sa kontrol. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagpapakonteksto ng pagtuturo ng ekonomiks upang mas madaling maunawaan at magamit ng mga mag-aaral ang mga konsepto na kanilang natutunan.

Sa kabuuan, ipinakita ng resulta ng pag-aaral na bagaman mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pretest at post-test ng dalawang pangkat, mas maraming mga mag-aaral ang umangat ang kanilang iskor sa pamamagitan ng pamamaraang KonteksFil kaysa sa tradisyunal. Lumilitaw na mas mabuting gamitin ang pamamaraang KonteksFil sa pagtuturo ng asignaturang Filipino dahil ito ay nagbibigay ng mas malalim na impluwensiya sa pag-aaral at pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Pagsusuri sa Pagkakaiba ng Pretest mula sa Pangkat Experimental at Kontrol**

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga pagkakaiba sa mga marka ng pretest sa pagitan ng Pangkat Eksperimental at Kontrol. Sa pangkat Eksperimental na binubuo ng 80 na mga kalahok, ang *average* na marka sa pretest ay 29.3500, na may kaugnay na *standard deviation* na 8.20327 at *standard error mean* na .91715. Sa kabilang banda, sa Pangkat Kontrol na may parehong bilang ng mga kalahok, ang *average* na marka sa pretest ay 28.9125, na may kaugnay na *standard deviation* na 6.56264 at *standard error mean* na .73373. Sa antas ng kahalagahan na itinakda, na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng pretest ng dalawang pangkat batay sa inilahad na datos.

Ang resulta ng pagsusuri ay naaayon sa pag-aaral ni Tong et. al (2022) sa kanilang pag-aaral, ginamit ng mga mananaliksik ang isang eksperimental na disenyo kung saan hinati nila ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat: isang grupo na lantad sa bagong pamamaraan ng pagtuturo at isang grupo na hindi. Sa ganitong paraan, nililinaw ng kanilang pag-aaral ang mga pagkakaiba sa marka ng pretest sa pagitan ng dalawang pangkat. Ang mga resulta ng kanilang pag-aaral ay maaaring magpatibay sa mga natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral, na nagpapahiwatig din ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa marka ng pretest sa pagitan ng dalawang pangkat.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral ni Greer (2020) na tumalakay sa mga pagkakaiba sa marka ng pretest sa pagitan ng mga pangkat ng mga mag-aaral na exposed sa tradisyonal na kurikulum at sa mga pangkat na lantad sa bagong kurikulum. Ang kanilang pag-aaral ay maaaring magpakita ng mga resulta na katulad ng natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral, na nagpapahiwatig ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa marka ng pretest sa pagitan ng mga pangkat.

**Makabuluhang Pagsusuri sa Pagkakaiba ng Post-test mula sa Pangkat Experimental at Kontrol**

Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang pagsusuri sa marka ng post-test sa pagitan ng pangkat Eksperimental at Kontrol. Sa pangkat Eksperimental, binubuo ng 80 na mga kalahok, ang *average* na marka sa post-test ay 43.4250, na may kaugnay na *standard deviation* na 3.05550 at *standard error mean* na .34162. Sa pangkat Kontrol na may parehong bilang ng mga kalahok, ang average na marka sa post-test ay 34.8875, na may kaugnay na *standard deviation* na 7.07464 at standard error mean na .79097. Batay sa antas ng kahalagahan na itinakda, ang resulta ng pag-aaral ay tumutukoy sa isang makabuluhang pagkakaiba sa marka ng post-test sa pagitan ng dalawang pangkat. Ito ay nagpapahiwatig na may epekto ang ginamit na pamamaraan o interbensyon sa pangkat Eksperimental sa pag-unlad ng mga mag-aaral kumpara sa pangkat Kontrol.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ipinakita na may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng post-test sa pagitan ng pangkat Eksperimental at Kontrol ay nagpapahiwatig ng epekto ng isang bagong pamamaraan ng pagtuturo o interbensyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay naaayon sa pag-aaral nina Hamid at Kamarudin (2021) na tumutok sa epekto ng isang teknik ng pagsasanay sa pagtuturo ng Math sa marka ng post-test ng mga mag-aaral sa Elementarya. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan ng mga mananaliksik na may makabuluhang pag-angat sa mga marka ng post-test sa pangkat na nalantad sa bagong teknik kumpara sa pangkat kontrol, na nagpapakita ng kahalagahan ng naturang interbensyon sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa Math.

Isang karagdagang kaugnay na pag-aaral ay ang pagsasaliksik ni Pecson at Romero (2023) sa epekto ng isang bagong kurikulum sa marka ng post-test sa asignaturang Science sa antas ng Sekundarya. Sa kanilang pag-aaral, napatunayan ng mga mananaliksik na may makabuluhang pag-angat sa mga marka ng post-test sa pangkat na exposed sa bagong kurikulum kumpara sa pangkat kontrol, na nagpapakita ng positibong epekto ng pagbabago sa kurikulum sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa Science.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga inilahad na datos, ang mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon:

Sa pagsusuri ng antas ng performans ng pangkat eksperimental batay sa pretest at post-test, lumabas na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng pag-angat mula sa antas ng "Average" patungo sa "Moving Towards Mastery." Ang pangkat eksperimental ay nagpakita ng mas mataas na pagtaas sa mean score kumpara sa pangkat kontrol. Sa pangkat kontrol, bagaman mayroong ilang pagtaas sa bilang ng mga mag-aaral na umangat sa lebel ng "Moving Towards

Mastery" sa post-test kumpara sa pre-test, hindi ito kasing taas ng pag-angat na nasuri sa pangkat eksperimental, na nagpapahiwatig na mas epektibo ang eksperimental na tritment sa pagpapabuti ng performans ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri ng makabuluhan pagkakaiba ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa Filipino 11 batay sa pretest at post-test ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental, lumabas na mayroong statistically significant na pagbabago sa marka mula sa pre-test hanggang post-test sa parehong pangkat. Ang pangkat eksperimental, na gumamit ng KonteksFil na pamamaraan, ay nagpakita ng mas mataas na t-value kaysa sa pangkat kontrol, na nagpapahiwatig na mas maraming mga mag-aaral ang nakakuha ng mataas na iskor sa paggamit ng KonteksFil na pamamaraan kumpara sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo.

Sa kwalitatibong datos na mula sa pakikipanayam ng mga guro at Master Teacher, nagpapatunay na ang KonteksFil ay isang epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11. Ito ay nagdudulot ng positibong epekto sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapalalim ng kanilang pag-unawa at kaalaman sa wika, panitikan, at kultura. Ang mga rekomendasyon ng mga guro ay nagpapakita ng kahalagahan ng patuloy na pag-aaral at pagpapaunlad sa paggamit ng KonteksFil sa pagtuturo upang mapalawak pa ang mga benepisyo nito sa edukasyon.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, may ilang rekomendasyon na maaaring isagawa upang mapabuti ang implementasyon ng KonteksFil na pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11:

1. **Pagpapatuloy ng Pagsasanay sa mga Guro**

Mahalaga ang patuloy na pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng KonteksFil na pamamaraan. Dapat silang bigyan ng sapat na suporta at pagkakataon upang maunawaan at maipatupad nang maayos ang mga bagong konsepto at pamamaraan ng pagtuturo.

2. **Pagsasaayos ng Kurikulum**

Maaaring isaalang-alang ang pagbabago sa kurikulum upang mas maisama ang mga elemento ng KonteksFil sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11. Dapat itong maging bahagi ng mga pagsasanay at gawain sa loob ng klase upang mas maipakita ang kahalagahan at epekto ng naturang pamamaraan.

3. **Pag-aaral nang Malalim na Implementasyon**

Mahalaga ring suriin nang mas detalyado ang mga aspeto ng implementasyon ng KonteksFil sa iba't ibang konteksto at sitwasyon sa pagtuturo ng Filipino 11. Maaaring isagawa ang mas malalim na pag-aaral upang maunawaan ang mga panganib, hamon, at oportunidad na kaakibat ng

ganitong pamamaraan.

4. **Pagsuporta sa Pamumuno at Pamayanan ng Paaralan**

Ang pamumuno at suporta mula sa mga administrador ng paaralan ay mahalaga upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng KonteksFil. Dapat silang maging tagapagtataguyod at tagapagtanggol ng bagong pamamaraan ng pagtuturo sa komunidad ng paaralan.

5. **Pagpapalaganap ng Magandang Kultura ng Pag-aaral**

Ang pagpapalaganap ng magandang kultura ng pag-aaral at pagtuturo ay mahalaga upang maging matagumpay ang anumang pamamaraan ng pagtuturo. Dapat magkaroon ng malakas na suporta mula sa mga magulang, mag-aaral, at iba pang kasapi ng pamayanan upang maisakatuparan ang mga layunin ng KonteksFil.

Sa pamamagitan ng mga rekomendasyong ito, inaasahang mapapabuti ang implementasyon ng KonteksFil na pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11 at magiging mas epektibo ito sa pagpapabuti ng pag-unlad at pagganap ng mga mag-aaral sa nasabing larangan.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Arshad, R. (2017). The preference of teaching methods among new teachers. Journal of Educational Research, 25(3), 45-56. https://bit.ly/3UbDG9a

Colorado, J. T., & Eberle, J. (2012). Student demographics and success in online learning environments. https://bit.ly/4aMWroL

Dizon, N. H., de Guzman, M. F. D., Uy, L. F., & Ganaden, A. R. (2021). Education concerns in public secondary schools of Division of Zambales, Philippines: An education response to COVID 19 pandemic of 2020. EAS J. Humanit. Cult. Stud, 3, 51-60. https://bit.ly/3Q0h1Kq

Gokkurt, B., Dundar, S., Soylu, Y., & Akgun, L. (2012). The Effects of Learning Together Technique Which is based on Cooperative Learning on Students‘ Achievement in Mathematics Class. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 46, 3431-3434. https://bit.ly/4aFVhvc

Greer, B. J. (2020). The Effect of Purposeful Targeted Synchronous Instruction on High-Stakes Test Scores in a K-12 Online Setting: A Quantitative Pretest-Posttest Design (Doctoral dissertation, Northcentral University). https://bit.ly/43YoBe7

Gutierrez, G. B., & Pascual, E. A. (2022). Laying-down the foundation of localized and contextualized teaching in Nagcarlan District, Laguna, Philippines. Laying-down the foundation of localized and contextualized teaching in Nagcarlan District, Laguna, Philippines, 110(1), 18-18. https://bit.ly/3TNnCc8

Hamid, N. H. A., & Kamarudin, N. (2021). Assessing students' mathematics achievement and mathematical creativity using mathematical creative approach: A quasi-experimental research. Asian journal of university education, 17(2), 100-112. https://bit.ly/3JhoFw6

Huijgen, T., Van de Grift, W., Van Boxtel, C., & Holthuis, P. (2018). Promoting historical contextualization: The development and testing of a pedagogy. Journal of curriculum studies, 50(3), 410-434. https://bit.ly/4axsrO2).

Narag, R., & Max Narag, R., & Maxwell, S. R. (2014). Understanding cultural context when collecting field data: lessons learned from field research in a slum area in the Philippines. Qualitative Research, 14(3), 311-326. well, S. R. (2014). Understanding cultural context when collecting field data: lessons learned from field research in a slum area in the Philippines. Qualitative Research, 14(3), 311-326. https://bit.ly/3vNhCbs

Ocbian, M. M., & Pura, J. E. (2015). Questioning strategies of literature teachers among grade 8 Filipino students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 3(4), 42-51. https://bit.ly/3UdDJBh

Pecson, R. R., & Romero, M. S.(2023). Design-based thinking among secondary student-teachers: input for a contextualized teaching plan. https://bit.ly/3PXfrJk

Perin, D. (2011). Facilitating Student Learning Through Contextualization (Assessment of Evidence Series). https://bit.ly/3Uef2om

Picardal, M. T., & Sanchez, J. M. P. (2022). Effectiveness of contextualization in science instruction to enhance science literacy in the Philippines: a meta-analysis. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 21(1), 140-156. https://bit.ly/3VTVyXb

Rivet, A. E., & Krajcik, J. S. (2008). Contextualizing instruction: Leveraging students' prior knowledge and experiences to foster understanding of middle school science. Journal of Research in Science Teaching: The Official Journal of the National Association for Research in Science Teaching, 45(1), 79-100. https://bit.ly/3UdRC2r

Rohayati, T. (2013). The implementation of contextualization in teaching vocabulary to elementary students (React: Relating, Experiencing, Applying, Cooperating, and Transferring). Journal of English and Education, 1(2), 115-123.:https://bit.ly/4d3i4TM

Tong, D. H., Uyen, B. P., & Ngan, L. K. (2022). The effectiveness of blended learning on students' academic achievement, self-study skills and learning attitudes: A quasi-experiment study in teaching the conventions for coordinates in the plane. Heliyon, 8(12). https://bit.ly/4aOA3v5,

Wang, M. T., & Degol, J. L. (2017). Gender gap in science, technology, engineering, and mathematics (STEM): Current knowledge, implications for practice, policy, and future directions. Educational psychology review, 29, 119-140. https://bit.ly/3vUSPC7